

Fukushima NOW

Vo. 2 (Lathala para sa buwan ng Nobyembre taong 2016)

Sa Fukushima International Association magbuhat ng maganap ang malakas na lindol at ang aksidenteng sa Daiichi Tokyo Nuclear Power Plant hanggang ngayong taon, buwan ng Marso sa limang taong nakalipas ang pampublikong magasin Gyro ay naglunsad ng magasin para sa pagbawi 「Magka-isa Fukushima」 na nairprinta sa iba't ibang wika na umabot hanggang ika dalawampu't limang beses. Na ang nilalaman ay tungkol sa pagbabawi, panunumbalik at ang mga aktibidadis na isinasagawa ng Fukushima International Association at ibang mga organisasyon upang ipahayag sa lahat sa loob at labas ng bansa.

Simula ngayong taon ang 「Fukushima NOW」 ang maghahatid ng tinig ng mga dayuhang naninirahan dito sa Fukushima at kung ano ang kasalukuyang kalagayan ng Prepektura ng Fukushima.

Voices from Fukushima

Zoe Vincent (galing Ingles at kasalukuyang nakatira sa Fukushima)



Simula ngayong taon 2016 buwan ng Agosto ako ay namasukan sa Asosasyon ng pakikipagpalitan ng mga torismong produkto. Hanggang noong nakaraang buwan ng Hulyo ay nanirahan ako sa Prepektura ng Nagasaki lunsod ng Unsen na namamasukan bilang isang ALT isang taon din akong nag trabaho doon.

Naranasan ko ng maganap ang lindol sa

Kumamoto noon nakaraang Abril, doon sa tinitirahan ko sa Unsen ay napakalakas ng pagyanig nanaganap at ako ay nabigla ng husto. At dahil sa naranasan kong ito ay napag alaman ko na kahit saan akong dako ng Hapon tumira ay makakaranas ka ng natural na kalamidad. Kaya ng lumipat ako dito sa lunsod ng Fukushima ang unang una kong inalam ay in case of emergency kung saan ang lugar na puwedeng mapagkublihan, at nagprepara ako ng mga bagay na dapat kong dalahin kung saka-sakali mang magkaroon ng di inaasaha ng sakuna.

Ngayon bilang isang dayuhan nag tratabaho sa torismo para sa aking pananaw ay ipinakikilala ko ang mga serbisyo ng torismo sa loob ng Prepektura ng Fukushima at sinusuportahan ang pamamalakad



ng pagnegosyo ng prepektura ng Fukushima sa ibang bansa. Sa Prepektura ng Fukushima ay pamilyar ang napakasaganang kalikasan, na isang banda ay may pagkamakabago, ang bawat distrikto ay may kani-kaniyang natatanging kulay, na mula pa noong unang panahon parte na ng kanilang pamumuhay na kagiliw-giliw. Sa pamamagitan ng aking trabaho ay marami akong makakasalamuhang tao at nagkakaroon ng koneksyon na nakakapulot ng iba't ibang impormasyon at kaalaman. Na para sa akin ay gamitin ko para ipakilala ang mga hindi pa nakikilalang kagandahan ng Fukushima, ang tungkol sa naganap na napaka lakas na lindol sa Silangang parte ng Hapon kung saan 5 taon na ang nakalilipas at para sa hinaharap ay anu't ano ang mga plano at kung papaano ipag papatuloy ang pag bangon, at dahil sa ako ay naninirahan dito sa Fukushima nararapat kong ipahatid ang mga ito sa madla.

Ben Sreynich (galing Cambodia na kasalukuyang naninirahan sa Fukushima)

Magbuhat ng dumating ako dito noong taon ng 2004 hanggang ngayon ay sa Fukushima ako nanirahan. Noong honeymoon naming mag-asawa ay pumunta kami sa Thailand, at doon ay naingganyo ako sa pagmamasaha at ito ang naging dahilan kaya ako bumalik sa Thailand upang mag-aral ng bilang isang propesyonal na magmamasaha. Halos tatlong taon akong namasukan sa massage shop dito sa Fukushima.



At ng maganap ang napakalakas na lindol sa Silangang bahagi ng Hapon ako ay nag-umpisa ng sarili kong massage shop. Upang



Ipamalas ang aking kakayahan, aking natutunan at higit sa lahat ay akatulong para makapagrelax ang karamihan sa mga taong nakararamdam ng pag-aalala at stress ng maganap ang sakuna. Isa isa among seserbisyohan ang mga kostomer kaya ang pakikipag

komunikasyon ay napaka importante. At naging maganda ang kinalabasan, at kapag nakasasagot ako sa pangangailangan ng kostomer ay nararandaman kong may kahalagahan ang aking ginagawa. Sa pang araw- araw na pamumuhay na ginagamit na wikang hapon, taon taon ay di na ako nahihirapan.

Nang magsi pag- aral na ang aking mga anak ay ang ginagamit na salita sa paaralan, at ang mga salitang di ko naiintindihan sa trabaho ay gusto kong malaman, simula noong nakaraang taon ay pumasok ulit ako sa Japanese Language School. Para matutunan ko ang dapat kong gamiting salita sa tamang okasyon at lugar.

Kamakailan lang, dito sa Hapon ay maraming sakunang nagaganap at pag napanuod ko sa balita ay nababalisa ako ng husto. Ngunit kung ikukumpara sa mga karanasang naransan ko sa aking sinilangang bansa ang bansang Hapon ay may tamang batas at ito ay talagang isinasagawa. At higit sa lahat ang kaligtasan ay pinahahalagahan kaya makakapamuhay ka ng matiwasay. 「Ang mabuhay ngayon」 ay kaligayahan para sa akin.

Scenes of Fukushima

Pag tanggap ng JICA sa mga trainees para mag training 「para sa promosyon ng opisina ng mga may kapansanan sa katawan sa pamamagitan ng sports」

Ang Northeast JICA ay nag sagawa ng Organization for Human Development at Problem Solution Support na may layuning tumanggap ng myembro para trainee sa mga developing countries. Mula Oktobre 13 hanggang Oktobre 28 na ang tema ay 「promosyon ng opisina ng mga may kapansanan sa katawan sa pamamagitan ng sports.」 na dinaluhan ng labing tatlong trainees na galing sa labing-isang iba't-ibang bansa tulad ng Angora, Bangladesh, Fiji, Jamaica at iba pa. Sa training na ito, ay nag aral ang trainee kung ano ang mga programa para sa mga may kapansanan sa lunsod ng fukushima at kung ano ang kasalukuyang kalagayan ng sports sa prepektura ng fukushima. Pag katapos nito ay pumunta sa lunsod ng Nihonmatsu, at dito ay ipinakilala ang sports na gumagamit ng wheel chair (bocha competition) at pinaranas din sa kanila ang flying dics. At maliban dito ay bumisita din sila sa barangay ng Iwama Iwaki at Koyo Soccer field ng Soma Ipinaalam din sa kanila kung papaano ang isinasagawa ang pag recover sa naganap na sakuna sa East Japan at napalawak nila ang kanilang kaalaman tungkol dito



China Rakuyo City Gunseigeijutsudan 「Interchange Concert ng mamamayan ng Fukushima」

Noong Septyembre 25 sa Unibersidad ng Sakura no Seibo ay ginanap ang Fukushima China Traditional Culture fans Society concert Ginamit ang mga tradisyonal na instrument ng Intsik Tulad ng inko at itako. Sa final stage ay kinanta ng theme song recovery para sa naganap na sakuna sa East Japan 「Hana wa Saku」 the flower will bloom. Ang mga myembro ng grupo ng Intsik ay bumisita sa elementary at junior high school sa lunsod ng fukushima at nakitira sa bahay ng mamamayan ng fukushima.



Lecture ng wikang Hapon na malaki ang maitutulong para sa mga dayunan

Sa FIA (Fukushima International Association) ngayong taon ay nag sagawa ng programa para sa pag aaral ng wikang Hapon na makatulong sa pamumuhay ng mga dayuhang naninirahan dito. Noong Oktobre 16 ay ginanap sa A.O.Z at ang galing Indonesia ang tinuruan kung ano ang dapat gamiting salita sa Hapon in case of emergency, kung papaano humingi ng tulong pag nasa kalsada, kung ano ang dapat gamiting salita pag tatawag sa 119. At pinag aralan din nila kung ano ang dapat gawin sa emergency medical care.



Wika para sa impormasyon ng pamumumbalik portal site 「Fukushima Restoration Station」

Isa sa mga wave site na nasa administrasyon ng prepektura ng Fukushima ay ang 「Fukushima Restoration Station」 dito ay inilalathala ang kalagayan ng prepektura ng fukushima o kaya ay ang kaligtasan ng mga pagkain, ang kalagayan ng radioaktib at ibapa sa siyam na wika (9) (Hapon, Ingles, Intsik, Koreyano, wikang Aleman, wikang Pranses, wikang Italiano, Espanyol, At Portugese) ay puwedeng basahin. At buhat sa 「Fukushima Prefecture Radioactivity Measurement」 ipinaalam ang resulta ng iba't ibang sukat ng radiation sa kapaligiran ng prepektura.



Fukushima Restoration Station URL <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal/>

Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

● Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hanggang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang ala sinko ng hapon

● Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.

※ Tuwing ika-apat at ika- limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng appointment.

Telepono: 024-524-1316 (pribado)

E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher

Fukushima International Association

Address : Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture 960-8103

TEL : 024-524-1315

FAX : 024-521-8308



E-mail : info@worldvillage.org

URL : <http://www.worldvillage.org>